

PROLOGUE

Oh, hell, no. Definitely no! Are you kidding me?

Okay, she is beautiful. Smart, sexy, witty. Mabait kung ibabase mo iyon sa kung paanong puwede na siguro siyang tumakbo sa susunod na election sa dami ng nakakakilala sa kanya at gusto siya, at self-confessed 'fans' niya. She was Miss Congeniality and seasoned politician rolled into one.

But seriously, no way.

Matagal ko na siyang kilala, okay. Kung talagang gusto ko ang babaeng iyan, dapat pinormahan ko na dati pa. Dapat naging crush ko man lang dating-dati pa. But no, I have other girl friends who would tell you that she is totally not my type.

But she is a nice mix of crazy rock 'n roll and smooth sexy blues and I kinda like it.

Still, man... have you heard her talk? She talks as she thinks, and more. Tatanungin mo tungkol sa isang topic at bago mo mamalayan, nasunog na pala ang niluluto mo o na-miss mo na ang last two minutes ng pinapanood mong laro dahil naging busy ka sa pakikinig, at pagtingin sa kanya. That's even if she can

Like Lovers Holding On - Sachi Bliss

be a bit foul-mouthed. Pero kahit gaano kalutong ang mura, hindi ko alam kung bakit hindi offensive ang dating pag galing sa kanya.

She is engaging, hypnotic even. She is dangerous.

She is feisty. She is uncompromising. She looks at you in the eye and you know you cannot mess with her. Ever.

She is frighteninng. She is...

She is stunning, and the way she would look before the kissing begins... scorching.

Wait, ano nga'ng sinabi ko?

Damn it! Hindi ko siya gusto, okay? Napipilitan lang akong samahan siya dahil wala na kaming choice pareho. Matapos lang itong usapan namin ay makikita mong wala lang talaga ito.

I mean, her? Man...

Don't even think about it.

Me, in love with... her?

Nice one.

*Damn. *face palm**

I'm in denial.

Like Lovers Holding On - Sachi Bliss

*Hindi rin siguro ako puwedeng maging abogado,
o best actor kahit kailan.*

1

The first time he saw her again, she was onstage singing and swaying seductively to some 80s hit. Hindi na niya maalala ang title niyon, lalo na at nadi-distract siya sa nakikita. She kept her short choppy hairdo and still dressed like she just came off the Paris runway. At halatang nakainom ang babae.

She was unconventionally pretty, but very striking. Kahit sa malayo ay maaakit ang kahit na sino sa mapupungay nitong mata at mapupulang labi. And that voice... he didn't even know she could sing! Then again, sa loob ng maraming taon simula noong una niya itong makilala ay hindi rin naman sila naging close. He just knew her, and that was it. Simpleng batian at small talk lang ang tanging naging palitan nila.

Gayunpaman ay hindi rin ito ganoon kadalang kalimutan. Kaya naman sa pagpasok niya sa music bar na iyon sa ground level ng hotel na tinutuluyan niya, ito kaagad ang nahagip ng kanyang paningin.

May kasama ba ito? Mabilis na iginalala niya ang tingin upang maghanap ng pamilyar na mukha, ngunit wala siyang makilala sa ibang customers na

naroon. Dumako ang tingin niya sa bar kung saan nakatingin din sa nasa stage ang bartender at isang babaeng nakaupo sa isang stool. Kapwa may pag-aalala sa mukha ng mga ito kaya nilapitan na niya.

“May kasama ba siya dito? Mukhang nakainom na. Hindi ba puwedeng pababain na siya?” tanong niya kaagad matapos sandaling batiin ang dalawa.

“Kilala mo ba, Sir?” tanong ng babae habang yakap ang isang itim na sling bag. “Sa kanya ito, ibinilin sa akin kanina.”

Ibinigay niya ang pangalan ng babae. “I know her. Pero hindi ko alam na narito din pala siya.”

“Mag-isa lang siyang dumating dito. Pero may nakita akong kausap niya kanina sa lobby. Two hours ago pa iyon,” pagbibigay-alam ng babaeng nakilala niyang nasa reception counter ng kinaroroonan nila, ang *Marina Isle*, na isa sa pitong hotels sa resort community na iyon sa isang coastal town sa Batangas. Marahil ay tapos na ng shift nito. “Si Sir Riley Soliveres, ‘yung editor ng *Pop Culture*. May photo shoot po kasi ang grupo niya rito pero natapos na din kanina.”

Nangunot ang noo niya. Boyfriend ng babaeng nasa stage ang lalaking tinutukoy nito. College pa

lang sila ay magkarelasyon na ang mga ito. The man came from a well-to-do family and even if it was common knowledge that he'd been with the same girl for the past several years, he was still among the metro's most eligible bachelors. Nasaan ito ngayon?

“Parang nag-away sila kanina, eh. Naunang umalis ‘yung Riley ‘tapos lumabas na ng hotel kasama ‘yung staff niya, pero may kaakbay na ibang babae,” dagdag naman ng bartender bago itinaas ang isang bote ng mamahaling wine. “In-order niya ito pagpasok dito.” Tumingin ito sa babaeng nasa stage. “Nakadalawang baso din siya bago napagtripang mag-concert.”

“That’s weird. They have been together since she was eighteen!” di-makapaniwalang bulalas niya. The woman on stage must be twenty-three by now, and even more beautiful. Hindi niya gaanong gusto ang pagiging brusko, galawgaw at madaldal nito. She was also a bit of a rebel, according to her friends.

But those same friends also loved her to pieces and could attest to her good heart. Ano kaya ang nangyari?

“Sir, kanina pa namin pinipilit na bumaba ng stage pero ayaw, eh. Hindi namin mapabayaan kasi mabait siya at nakakaawa naman. Baka kung ano pa

ang mangyari dahil walang kasama,” nag-aalalang sabi ng receptionist.

“Baka puwede mong pilitin, Sir,” pakiusap ng bartender.

Napabuntong-hiningang pumayag siya. “Sige. Pakihawak muna ito.” Iniabot din niya rito ang dalang bote ng *Smirnoff Ice*. Kalahati pa lang ang nainom niya.

Katatapos lang ng dalawang araw na cooking demo at degustation events nila sa tatlong restaurants ng naturang hotel, na in-organize ng mga may-ari nito at ng culinary school kung saan nagtapos siya noong Agosto lang. Ikalawang linggo ng Nobyembre at ngayon yata niya naramdaman ang lamig ng panahon dahil dalawang araw siyang exposed sa usok at init sa kusina.

Ang mga kaklase at professor niya ay nagsibalik na sa Manila habang siya ay nagpaiwan dahil nais muna niyang sulitin ang natitirang araw bago tuluyang harapin ang mga bagong responsibilidad sa negosyo ng pamilya. Matapos ang ilang taong pagiging part-timer roon dahil masyado siyang nawili sa pag-aaral muli matapos ang kolehiyo—from an MBA degree to a year-long cooking course—he knew it was about time to face his family’s business.

Like Lovers Holding On - Sachi Bliss

Tonight, he only planned to drink a bit, relax while hanging out at the bar listening to music and observing people. Hindi niya akalaing sa pagpasok pa lang ay ganito ang aabutan niya.

He made his way through the crowd until he was a few meters away from the stage. May ilang bouncers din na nakaantabay roon na nilapitan niya.

“Boss, kilala ko siya. Baka naman puwedeng pababain na at nang makapagpahinga na siya?”

“Kanina pa nga namin sinasabi sa kanya iyan pero ayaw, kaya binabantayan na lang din namin. Ang sasama na ng tingin sa kanya ng mga iyan.” Pasimpleng iminuwestra ng bouncer ang kalalakihan sa crowd.

The woman on stage maybe modestly dressed, but the way her hips moved to the song was enough to drive any man crazy.

“Okay lang ba kung subukan kong tawagin?” tanong niya.

“Sige, Sir. Kilala mo ba talaga?”

“Tingnan mo pag tinawag ko, I’m sure makikilala pa niya ako kahit tipsy na.” He cupped his hand over his mouth and called her name.

Patapos na ang kanta kaya narinig kaagad siya nito. Namilog ang mga mata ng babae. “Hey, Connor!” she lazily said on microphone.

“Tara na! Tama na’ng concert! Food trip muna tayo,” nakangiting sabi niya. Naalala niyang mahilig itong kumain. Na hindi halata sa katawan nito. She had always been slender. “Come on!”

“But the next song is by Elvis.” Ngumisi ito bago hinarap ang crowd. “You guys want me to sing something from The King, right?”

Sumang-ayon naman ang mga tao. Napailing si Connor. “Come on, wala ba silang resident band dito? Baka kailangan na nilang mag-set up.”

“It’s open mic night!” sigaw ng kung sino sa crowd, na sinang-ayunan ng marami.

Damn! Iginala niya muli ang tingin sa audience na tila lahat ay naghihintay ng susunod na kakantahin ng babae. Pagbaling niya sa stage ay nag-umpisa na muli ang tugtog mula sa karaoke machine. She started dancing again. Pabirong itinaas pa nito ang kuwelyo ng suot na jacket at iginalaw-galaw ang balakang na ginagaya ang galaw ni Elvis Presley sa malaking monitor.

The crowd cheered. He wanted to curse out loud.

Dahil nakatingin sa kanya ang babae. Her naughty eyes seemed to taunt him. “*We’re caught in a trap, I can’t walk out because I love you too much, baby...*” kanta nito, sabay turo pa sa kanya.

Oh, hell! Hindi niya alam kung bakit sa kabila ng magkahalong inis at pag-aalala ay napangiti si Connor sa ginawa nito. She kept singing, kept swaying, kept mimicking Elvis as he stood there, not sure why he could not take his eyes off her. Parang naestatwa na siya, lalo at panay ang tingin ng babae sa kanyang direksyon na parang siya talaga ang kinakantahan nito. Napailing siya at iniabot muli rito ang kamay. “Come on, let’s go.”

This time ay hinawakan na iyon ng babae, ngunit hindi upang sumama sa kanya. Sa halip ay siya ang nahila nito. Idagdag pang naramdaman niyang may tumutulak din sa kanya sa crowd. *What the...?*

“Sige na, Sir. Baka mas mapababa mo siya kung sasamahan mo muna sa stage,” sabi ng bouncer na walang magawang sinang-ayunan na rin niya. Isa pa ay parang wala ring balak ang babae na bitawan siya.

Nang tuluyan siyang makasampa sa stage ay itinaas pa ng dalaga ang isang kamay niya. “Say ‘Hi’ to Connor, everyone!”

Palakpakan ang isinagot ng crowd, dahilan upang tila lalong ganahan ang babae at talagang inikutan pa siya habang mapanuksong sumasayaw. Who knew Elvis Presley's signature moves would look sexy on a woman?

He fixed his eyes on her, who was now moving closely on his left side, one hand holding the microphone, the other up in the air. A few wisps of hair fell on her face and she smelled so good it was making him breathless. Sa bawat paggalaw ay ilang parte ng katawan nito ang nadidikit sa kanya.

He felt a tightening within him as her thigh, her hip, and most of her upper body rubbed against him.

"Why can't you see, what you're doing to me..."

You're the one who needs to see what you're doing to me right now, gustong sabihin ni Connor. Hindi niya alam kung ano ang gagawin. Mukha siguro siyang tuod na nakatayo lang doon at nakatingin dito.

"We can't go on together with suspicious minds..."

She sang as if she was really feeling each word. She would bite her lower lip at certain parts of the song while she drummed her fingers on her thigh, and close her eyes as she did so. Na parang ito rin ang nasa drums o guitars kahit na karaoke lang

ang accompaniment. At iba ang naiisip niya sa tuwing gagawin iyon ng babae, lalo na at sa tuwing didilat ay derecho sa kanya ang tingin nito, na tila nangungusap.

Nang medyo bumuway ay alertong hinagip ito ni Connor sa baywang. Alarm bells suddenly went off. Sobrang lapit na nito, at nakapako rin ang tingin sa kanya. He had never looked into those eyes this close, and he was not ready for what he was feeling right now.

Halata ang magkakahalang lungkot, sakit at galit doon. She also seemed so lost. “Let’s get out of here, okay?” Kinuha na niya ang mic mula sa kamay nito at ini-off iyon. Tumango ang babae bago ipinaikot ang mga braso sa kanya. Habang pababa ng stage ay iniabot niya ang microphone sa isang bouncer na ang iba ay umalalay sa kanila hanggang sa marating nila ang bar kung saan relieved na naghihintay ang dalawang taong nakausap niya kanina.

Mabilis na nagpasalamat siya sa mga ito matapos kunin ang mga gamit na ibinilin pati na ang mga inumin. “Do you have a room here? Where is it? Magpahinga ka na,” sabi ng binata sa kasama nang makalabas na sila ng bar.

“Wala. I planned to go home din pero...” Umiling

ito. “Where is your room? Inuman na lang muna tayo.” Itinaas pa nito ang kamay niyang may dalang bote.

“No way! You’re not getting another drop of alcohol on your lips.” Iginiya siya nito sa reception. “I’ll get you a room, baka meron pa.”

“You really want to get rid of me now, huh,” tugon ng babaeng tila may pagtatampo sa boses. Bahagya nitong inilayo ang katawan, bagaman nakahawak pa rin sa baywang niya. “Alam kong hindi tayo friends, ever. Pero n’ung makita kita kanina sa bar, parang...” Bumuntong-hininga ito. “Parang nawala na lahat ng kaartehang self-pity ko. Suddenly, I don’t feel so alone anymore.” She smiled sadly.

Ilang sandaling minasdan niya ito bago napabuntong-hininga. She didn’t really seem that drunk. She was almost like her usual self. Confident, madaldal, walang gaanong inhibisyon, at tila madaling magtiwala sa kahit na sino.

Kahit sa kanya na hindi naman nito ka-close.

“All right,” sa wakas ay sabi ni Connor.

Her eyes lit up. “Where is your room? Maganda ba ang view doon?”

“Seventh floor, facing the beach.” Tinungo na nila ang hanay ng elevators kung saan suwerteng kabubukas lang ng isa.

Hindi alam ni Connor kung tama ba ang ginagawa niya. He was about to be alone with a beautiful woman in his room. Granted that he was never interested in her that way since they met, his reaction to her earlier on stage bothered him. Kailan ba ang huling beses na nakaramdam siya ng ganoon sa isang babae? When was the last time he got laid, anyway? Months and months ago, in Boracay. He couldn't even recall who it was. Some It girl socialite who wanted a last hurrah with a stranger on the bed before she heads off to New York. Napailing siya.

“I won't be such a bother, I promise. Ayoko lang muna sa kuwarto ko. I might do something stupid,” sabi nito habang paakyat ng elevator.

Umarko ang kilay niya. “You're thinking of slashing your wrists or something?”

She smirked. “Not that stupid.” Napailing din ito. “I might call him and beg him to come back.”

“Him being Riley?”

“Yeah.” Napabuntong-hininga ito.

“What happened? Di ba ang tagal n’yo na?”

“Almost six years.”

“And it’s over now? Baka naman maayos n’yo pa.”

Tumingin ang babae sa kanya, nangingislap ang mga mata at kagat ang ibabang labi, halatang nagpipigil maiyak. “Ayaw na niya, eh.”

“What?” Inalalayan niya ito palabas ng elevator. “Paanong nangyari iyon? Ganoon na lang after almost six years?”

He would give everything to have someone who could stay with him that long. Pero sa malas, lahat ng naging seryosong girlfriend niya ay nataong hindi pa pala nalilimutan ang mga first love nila. And being the romantic that he was, even if it hurt, he let them go. Sino siya para hadlangang sumaya ang iba?

“He suddenly became jealous these past months, laging nagdududa that I am having an affair with my classmates sa grad school. Which isn’t the case, siyempre. How could I do that to him?” Napabuga ito ng hangin. “Iyon pala, he was the one having an affair with their styling editor, for six months now.” Muli nitong napailing. “They have been living together, too. Ayoko pang maniwala kahit ang mga kakilala pa namin ang nagpatunay. He kept denying it, too.”

Pero napapraning na din ako, so inalam ko ang sched niya at pumunta dito. I saw them kissing earlier, and he was not even sorry.

“Ang s’abi niya he was just finding a perfect excuse to break up with me. Nagsawa na daw siya, at hindi pa rin siya ready na magpakasal kung iyon ang hinihintay ko.” She laughed ruefully. “Imagine that. I never once did hint marriage dahil wala pa rin sa isip ko iyon. Ang dami pa niyang excuse, pinagbintangan pa ako, eh, siya pala ang nagloko. Pero mabuti na rin ito. Ayoko na rin naman.” Sinalubong nito ang tingin niya. “So there.”

He just stared at her. He had never seen anyone try to hide the fact that she was sad and hurting and totally fail at it. Pakiramdam niya ngayon ay alam niya eksakto kung ano ang pinagdadaanan nito. Parang nasasaktan din siya. The look in those light brown eyes haunted him even as he had turned his attention to opening the door. Tahimik na itinulak niya iyon pabukas at pinaunang makapasok ang kasama.

“I have some food in the ref. Mini pizzas and muffins. Malamig nga lang. Gutom ka ba?” sabi niya na akmang bubuksan sana ang lahat ng ilaw nang pigilan siya ng babae.

“Tama na ‘yung corner lights. Nakakakita na nga ako ng red spots dahil sa tindi ng ilaw kanina sa stage.” Naupo ito sa kama, bago iginalala ang tingin sa paligid.

“Sorry about the mess.” Sinimulan niyang damputin ang nagkalat na towel, robe at itinabi ang nakabukas niyang backpack. Alam niyang notorious ang pagiging OC at compulsive cleaner nito. Napangiti siya nang mapansing inuunat ng dalaga ang mga daliri na tila gusto nang simulang ayusin ang lahat ng gulo sa kuwarto niya. Sa halip ay inumpisahan nitong alisin ang suot na structured black denim jacket, revealing a deep purple tank top underneath. And the sexiest arms he’d ever seen. Stretches of creamy skin. Those feminine curves that clung to the light material of her top.

Malamig sa kuwarto ngunit pinagpapawisan na yata siya sa noo. “Uhm... hindi ka ba giniginaw?”

“Ayos lang ako. Amoy yosi na kasi itong jacket. Di ko ma-take.” Itiniklop nito iyon bago tumayo at isinampay sa armrest ng kalapit na love seat, kung saan siya nakaupo. Gusto na niyang iiwas ang mga mata, ngunit hindi niya magawa.

Then he noticed something on her forearm, something that looked out of place in that creamy

smooth skin. Pabilog ang hugis niyon at bahagyang nakaangat. Kasinlaki marahil iyon ng twenty-five centavo coin at mukhang bago lang. It was an ugly scar. He raised a hand to touch it with his thumb, but she quickly moved away.

“I’m sorry.” Binawi ni Connor ang kamay. “Napaano ‘yan?”

Ilang sandaling natigilan ito bago napabuntong-hininga. “Accident. May tumama lang nang matindi. Magaling naman na at hindi na masakit.”

“It looks rather nasty. Are you sure na okay na iyan?”

“I’m sure,” tango nito. “Ano ka ba, huwag ka ngang ganyan. O ngayon ka lang siguro nakakita ng babaeng hindi flawless?” she smirked.

Umiling siya, hindi pa rin inaalis ang tingin dito. “No, no it’s not that...” He tilted his head to one side. “Anyway, even with that scar, you’re still beautiful.”

Tumaas lang ang isang kilay nito, pagkatapos ay nagkibit-balikat.

2

She was so damn beautiful under the subdued lighting in his room.

“You look funny.” She smiled as she inched close to him. Muli ay tila sabay-sabay na nag-ingay ang alarm bells sa kanyang utak. Bakit ba kasi pumayag siyang tumambay rito ang isang ito?

“Why are you here, Connor?” curious na tanong nito. “I mean, may business ka ba dito? Meeting someone?” Naitaas nito ang kamay sa bibig. “Oh, my God! Kung may imi-meet ka pala o hinihintay, aalis na ako.” Tatayo na sana ang babae, ngunit nahagip niya ang braso nito at nahila paupo.

“No, wala akong imi-meet o hinihintay.” Napahinga siya nang malalim nang sa paghila niya sa babae ay halos madikit na ito sa kanya nang muling maupo. “May cooking demo at degustation event ang batch namin dito. From the culinary college.”

Her eyes widened. “You’re studying again to be a chef? How was it? Graduate ka na?”

Tumango siya. “Last August lang. Ikaw?”

“This coming March,” sabi nito, na halatang interesado sa pagiging chef niya. “Did you make those stuff in your ref?”

“Yes, gusto mo ba?”

“I’ll try them later. Pero hindi ba mas masarap ang pizza kung may kasamang beer o wine?” tudyo nito.

“Nice try. But no.” Kunwa ay iniharang pa ni Connor ang binti at braso sa maaaring daanan nito sakaling maisipang kunin ang mga inumin na inilagay na niya sa refrigerator.

Napangiti ang dalaga. “You’re sweet, Connor.” Ikiniling nito ang ulo sa kanan. “Who knew na ganito ka pala? Akala ko suplado ka at ayaw mo sa akin.”

“Ang kulit at ang ingay mo kasi. Isa pa, nadala na akong maging friendly sa mga babaeng may boyfriend dahil ilang beses na akong napa-trouble kahit wala naman akong ginagawa.”

“Jealousy’s a bitch, huh!” Lumamlam uli ang mga mata nito.

“Yeah,” sang-ayon ng binata.

“I’m not even the jealous type. Kasi ako na ang pinili, eh, bakit pa ako magseselos? Pero kapag dumating na pala ’yung time na iiwan ka dahil iba na

ang gusto niya, ang sakit pala.” Nag-iwas ng tingin ang kausap. But he was able to get a glimpse of a tear that was threatening to fall.

“Hey...” Tinapik niya ang braso nito.

Suminghot ang babae bago diniinan ng daliri ang isang mata. “Sorry.” Pilit na ngumiti uli ito. “Anyway, I couldn’t blame him. Siguro nagsawa na talaga siya. I saw his new girl. She was tall and sexy and beautiful.”

He snorted.

“Duh, you’re a guy. You’d choose the hotter option.”

“I’d rather have the better option.” Inilapit niya ang mukha rito. Na hindi dapat, ngunit nang mapagtanto niya iyon, huli na.

Ano ba ang ginagawa niya? Brokenhearted ang babaeng kasama ni Connor. He’s not about to seduce her, right?

Ngunit parang sa simpleng paggalaw lang nito, sa kung paano siyang tingnan ay parang siya ang naaakit, at tila hindi nito iyon namamalayan. Those naturally smoky eyes, the luscious full lips, that voice....

“Connor?” tila nalilitong tawag nito.

That snapped him out. “Yes?”

Natawa ito. “Define better option.”

“You,” walang gatol niyang sagot.

Tumaas ang kilay nito. “Now, how’d you know that?”

Matamang minasdan niya ang katabi. “Anyone who’s able to stay in a relationship for almost six years is the better option.”

“Really? Pero first love ko iyon.”

“Precisely. At dahil first love mo, gusto mo sana siya na din ang last, di ba? So you loved him. You stayed. Put up with his shit...”

Sa kabila ng paglamlam ng mga mata ay napangiti ang babae. “But now it’s over.”

He sighed. “Yeah...” Kinuha niya ang kamay nito. “Pasensya na, hindi ako magaling sa ganito. Mas sumama pa yata ang loob mo sa pinagsasabi ko.”

“No, don’t say that.” She inched closer, then leaned her head on his shoulder. “Para sa isang napilitan lang na samahan ako, you did great.”

Connor let go of her hand so his arm could circle her waist, and pull her closer. “It’s okay to cry, you

know.”

“Hindi naman ako naiiyak na.”

“Ano’ng nararamdaman mo ngayon?”

“More than hate, I guess. Wala na akong pakialam.”

“Pero kakahiwalay n’yo pa lang. After six long years.”

Nag-angat ng tingin ang babae. Ilang sandaling tila nagulat ito dahil sa pagkakalapit ng mga mukha nila. “Pero gaya ng sinabi niya, for him it was over a long time ago. Na hinihintay na lang daw niyang tuluyang makawala sa akin.”

“Is it the same with you, though?”

Nagkibit-balikat ito. “Maybe. Ayoko lang tanggapin.”

“But it hurt?”

“Of course. Literal na masakit sa puso.” She smiled a bit. “Posible pala talaga iyon.”

“Oo naman, pero kaya mo iyan. You’ll get over him and move on,” he assured her.

“I want to start forgetting now.” Kumapit ito sa

isang braso ni Connor.

And before he could even say another word, their lips already met. Ni hindi niya alam kung sino sa kanilang dalawa ang naunang lumapit, ang nag-umpisa. The only thing he knew now was how wonderful it felt to kiss her, and he didn't want to let go.

This is not happening! I should be moving away, or pushing him. Dapat tumatakbo na ako palabas, pero bakit hindi ko magawa? I just want to keep kissing him... Walang nagawa ang kung anumang iniisip niyang dapat gawin sa nangyayari ngayon. Parang wala siyang lakas, parang ayaw niyang sundin kung anumang lohika ang idinidikta ng utak niya.

She needed and wanted this kiss. But God, how his lips moved over hers, how he kissed her as if there was no tomorrow. Iyong parang kay tagal nang hinintay ni Connor ang pagkakataong ito at wala nang balak na sayangin iyon.

Ang sumunod na namalayan na lang niya ay ang pagtugon sa halik nito. For the past six years she only kissed Riley. Hindi siya dapat ganito kaapektado. Madali lang ito, kaya niya. Pero bakit ganoon na lang

ang pinaghalong kaba at excitement niya?

He felt and tasted so good and knowing that gave a warm feeling through her, as if she was being kissed for the first time. Butterflies, goosebumps, fireworks and all. And more as she felt his hands caressing her sides and back, then holding her in place as his mouth devoured hers.

Napakurap siya nang maramdaman ang marahang paglayo ni Connor, at habol nito ang paghinga.

“Connor...” she gasped as she realized his mouth was still that close. Damn, he was gorgeous! How could any man look this good? Parang may kumikiliti sa tiyan ng dalaga habang minamasdan ang mga mata nitong matamang nakatingin sa kanya. No, his eyes weren’t just intent. There was hunger and desperation in them. And tenderness. Posible ba iyon?

“What are we doing?” he asked, his voice low.

Nakatingin lang siya rito. “We’re... we’re kissing?” Ano ba namang klaseng tanong iyon?

Pinagdikit nito ang kanilang mga noo. Halos maglapit na muli ang kanilang mga labi. “We are not just kissing...” His breath touched her lips, sending shivers through her.

Then she felt something hot somewhere. Bahagyang inilayo niya ang mukha. Napasinghap siya nang mapagtanto kung nasaan na ang mga kamay ni Connor. One hand was on her back, under her shirt and had managed to unhook her bra. The other was on her waist, a finger hooked on the waistband of her jeans.

Habang ang mga kamay niya ay halos lukutin ang suot na button-down shirt ng lalaki. Naalis na rin niya ang ilang butones niyon at naka-expose na sa kanya ang katawan nito.

Nakagat niya ang labi nang mapagtanto kung ano ang ginawa. Connor's chest was broad and tanned, and gave way to rippling lines of muscle on his abdomen. But her gaze headed for the V of muscle that started above his hips and disappeared down his jeans.

“Hmm... I always thought you were big on manners. It's rude to stare.”

Nag-angat siya ng tingin at sinalubong ang mapanuksong ngiti nito. Nag-aapoy na siguro ang mga pisngi niya nang mga sandaling iyon. Still, she kept her eyes on him. “I couldn't help it,” she whispered back.

Like Lovers Holding On - Sachi Bliss

He groaned before his mouth conquered hers once more. She kissed him back with equal fervor, only to feel him pull away again. Gusto na niya itong sapakin.

“Connor...” naasar nang sabi niya.

“We can’t just keep kissing,” tila nahihirapang sabi nito.

“Kaya nga we will do more than kiss,” aniya, sabay ipinaikot ang mga braso sa leeg ng lalaki.

“Are you sure?”

“Hindi mo ba ako narinig?”

“Loud and clear. Kaya lang...”

“What is stopping you? Walang magagalit.” She kissed him, lightly tugged at his lower lip. “Ako lang, if you dare stop now.” Muli niya itong hinagkan. “Okay?” Goodness, two glasses of wine at ganito na siya katapang?

Ilang segundong minasdan siya ni Connor, na nagpakaba sa kanya. Then she felt his hands slowly moving up, to cup her face. Ilang sandaling pinakatitigan siya nito bago mariing hinagkan ang kanyang mga labi.

“I can’t say no to you,” he said when he pulled away.

She bit her lip. “Then don’t.”

With that, he kissed her again, his hands roamed all over, touching, stroking and caressing. She sat on his lap and managed to completely take off his shirt. Ginaya niya ang ginagawa ng mga kamay nito sa kanya habang patuloy na tinutugon ang halik nito.

They barely broke contact until he also got rid of her top and was now easing her bra off her. She gasped when his hands cupped her breasts, and flicked each taut tip with his fingers.

“Connor, please...” Napahigpit ang hawak niya sa balikat ng binata nang magsimulang bumaba ang mga labi nito sa kanyang leeg. He traced an imaginary line from her collarbone, to the valley between her breasts. Napasinghap siya nang iwan ng mga kamay nito ang kanyang dibdib at bumaba sa kanyang tiyan.

Mas matindi pa ang epekto ng ginagawa ni Connor sa premium wine na nainom niya kanina. Gusto niya ang ginagawa nito, ngunit pakiramdam niya ay hindi na niya matatagalan ang mga sensasyong pumupuno sa kanya, kasabay ng pagkasabik sa hindi niya matukoy kung ano talaga. She wanted more of

him, but she didn't know exactly what that more felt like.

“Please, Connor,” she breathed.

“You are so freakin’ polite.” She could feel his lips curve into a smile as he kissed her breast before he took one hardened peak.

She cried out and arched against him, clutching at his arm that slid around her back, holding her closer. “Connor, please,” muling pakiusap niya habang hindi malaman kung paanong gagalaw. Ang isang kamay ng lalaki ay na-trap sa pagitan nila at nagawang alisin ang butones at ibaba ang zipper ng kanyang jeans. She could feel his length against her center, making her ache even more.

Nang mag-angat ito ng tingin ay parang gusto niyang matunaw. His eyes were so dark, so full of hunger and desperation. “I’m not done exploring this part of you yet.” His gaze teasingly went down to her breasts.

Pinisil niya ang braso nito. “You can explore that part later.”

His smile was so damn sexy. Noon niya napagtanto kung ano ang sinabi. Hindi pa nga tapos ang round one, parang nag-a-anticipate na siya ng round two?

“Hmm... puwede. But I kinda like hearing you beg.” Bago pa siya muling nakapagsalita ay nahagkan na siya nito at maingat na binuhat papunta sa kama. Nang lumapat ang likod niya sa mattress ay marahan itong lumayo upang tuluyang hilahin ang natitirang suot niya.

She felt her entire body getting hot as he gazed at her with awe. Her hand reached out for the waistband of his jeans. “Not fair. Jeans and whatever you wore under, please.”

Hindi nawawala ang pilyong ngiti ni Connor. “I like it when you say please.”

“I’d like you better without your clothes.” Goodness! Saan galing itong mga pinagsasabi niya?

Sa halip na alisin ang suot ay maingat na hinila siya ni Connor pabangon hanggang sa mapaupo siya sa kama. Then he knelt in front of her. His eyes were challenging. “Take it off.”

Umarko lang ang kilay niya, kahit parang matutunaw na siya sa hiya. Ngunit tinanggap niya ang hamon nito, kahit damang-dama niya kung paano siya tingnan ng binata habang inaalís niya ang butones at ibinababa ang zipper ng jeans nito. Her fingers grazed his hardness, making her heartbeat

race to the point of a mild heart attack maybe. Hindi siya tumitingin dito dahil nanginginig na ang mga kamay niya, hanggang sa magkatulong nila iyong hilahin pababa, jeans, boxers underneath and all.

He was magnificent. Shit, magnificent talaga? She looked up at him and met his dark gaze, and closed her eyes when she saw his face coming nearer.

He kissed her as he pushed her back on the bed, covering her body with his while she felt his hands gently parting her thighs. Moans escaped from her lips as her spine tingled with the sensations that filled her as he stroked her center.

“Connor, please,” muling pakiusap niya nang hawakan ang balikat nito at marahang itulak. “Akala ko ba you can’t say no to me?”

He smiled mischievously. “What is it that you want me to do, then?”

Pinaglandas niya ang isang kamay pababa sa tiyan nito. “I want you.” She caught his lips with hers. “Ilang beses mo ba akong pagsasabihin ng ‘please’?” She traced his lips with a finger. “Take me now.”

Nabura ang ngiti ni Connor, bagaman nanatili ang kislap sa mga mata nito. “Now that just did the trick,” he said as he kissed her before he pulled away

a bit and took her in one slow, powerful thrust.

That's when she remembered—dear heavens, how could she forget that not-so-minor detail? He was her first. And even if he went slow, the pain still made her gasp, then cry out as she gripped his arms.

Napamura ito at kaagad nag-sorry. May pag-aalalang hinaplos ng lalaki ang kanyang mukha. “Why didn't you tell me?”

Hindi siya sumagot. Nag-iwas siya ng tingin. “I'm fine. Go on. Don't you dare stop... please.” Nakakahiya. Ang lakas ng loob niyang i-encourage si Connor na gawin ang dapat gawin gayong wala naman talaga siyang gaanong alam. But dear God, the way he was filling her now... it was strangely... beautiful.

If only he would stop worrying.

She took a deep breath, and then turned to him. Kasabay niyon ang pagtawag ni Connor sa pangalan niya.

“Look at me.” He began moving again, slowly. As if he wanted her to get used to the feel of him. He pressed her palms down and laced their fingers together.

Like Lovers Holding On - Sachi Bliss

She struggled to keep her eyes on him. Napapapikit siya sa tuwing gagalaw ito. His movements became faster, his hips rocked her harder, until she found herself meeting him and loving the feel of him deep into her.

Noon unti-unting lumilinaw kung bakit gayon na lang ang pakiusap niya kanina.

There was too much pleasure, too much want, too much beauty in what was going on. She never thought it would be like this, and somehow, could not imagine sharing this moment with any other man. Not even the one who got away.

Connor's hips slammed against hers one more time. It felt like a prelude to a magical explosion, and she held onto him tighter as she called out his name.

And he called out her name over and over.

At almost the same time, she felt as if they were surrounded by color and heat and other things she couldn't even put a name to. Para siyang dinala sa kung saan at gusto na lamang niyang doon manatili.

Kasama si Connor.

He called out her name one last time before he let go of her hands and wrapped his arms around her.

Like Lovers Holding On - Sachi Bliss

Halos sabay pa nilang habol ang kanilang paghinga. Umakyat ang isang kamay nito at masuyong isinuklay iyon sa maikli niyang buhok bago hinaplos ang kanyang mukha.

“You’re beautiful...” he whispered then kissed her.

And she kissed him back and held him tighter.

Habang hinahagkan nila ang isa’t isa, ayaw na muna niyang mag-isip nang higit pa sa kung ano ang pinagsasaluhan nila ngayon.

For now, she only wanted to think about how lovely and wonderful and perfect it felt, lying here, wrapped in his arms.

3

Nagising siya kinabukasan sa mabangong amoy ng tsaa. Ilang segundong disoriented pa niyang iginala ang tingin sa paligid bago naalala kung nasaan siya. Her heart raced as she remembered what happened just maybe several hours ago.

Nag-iinit ang mga pisngi niya habang hinihila ang sarili pabangon. She felt shivers ran through her body as she realized what she wore underneath the blankets.

Cream long-sleeved button-down shirt that was two sizes bigger at plaid boxer shorts na saktong lang sa balakang niya ang sukat. And nothing else. Well, except those tiny bruises and bite marks on her arms and thighs, and God knows where else.

Last night was her first. And she shared it with Connor.

“Hey, you’re up.” Lumabas ang lalaki mula sa maliit na kitchen area ng kuwartero, malapit sa pinto. May tulak itong cart ng pagkain at umuusok pang teapot. “Good morning,” he smiled.

Napakurap siya. Hindi niya maintindihan kung

bakit parang tumalon ang kanyang puso sa ngiting iyon. Na parang mas gumanda pa ang umaga dahil narito ngayon si Connor at tila masaya dahil sa kanya.

“Good morning.” Maingat siyang tumayo. She wasn’t really hurting all over but everything about this morning seemed strange.

Ang magising siya sa isang kuwartong kasama ang isang guwapong lalaking hindi niya boyfiend. Na kasama rin niya buong gabi. Na hindi lang niya basta kasama buong gabi.

And yet, she felt no regret. More of disbelief. At maraming tanong. Bakit? Paano? Napailing siya. “I’ll just...” Iminuwestra niya ang toilet and bathroom.

Hindi nawawala ang ngiti ni Connor. “Go ahead. Yung damit mo nga pala, dinala ko muna sa laundry shop. They said puwede kong balikan by noon.”

Tumango lang siya bago kinuha ang vanity pouch sa kanyang bag at tinungo na ang banyo. Nang matapos ayusin ang sarili ay mas gising na ang pakiramdam niya. Paglabas ay nakaabang na si Connor na naiayos na sa coffee table ang kanyang pagkain.

“Kain na.” Nilapitan pa siya nito at marahang iginiya sa love seat. Ito rin ang nagsalin ng tsa sa cup

para sa kanya. “Sugar?” Binuksan nito ang lalagyan ng rock sugar.

“A teaspoon,” sabi niya, ngali-ngaling kunin ang garapon dito at siya na ang magtimpla para sa sarili. But he seemed determined to do everything for her.

“Milk?” Kinuha nito ang mug ng gatas.

“How do you know I like milk in my tea?” nangungunot ang noong tanong niya.

“Lucky guess,” he grinned. Nagsalin ito ng gatas sa tasa niya. “Cheese on your toast?” Binuksan nito ang lalagyan ng toasted bread.

“Ang dami!” bulalas niya. “Paano mong nalaman na matakaw ako sa toasted bread kapag umaga? With cheese?”

“I overheard someone say before. Baka nga ikaw pa iyon,” makahulugang sabi nito.

“At naalala mo lang ngayon?” Napangiti na rin siya. She should be panicking by now, or running away. Sa halip ay nakikipagkulitan siya kay Connor over tea and toast. Weird.

“Yup. Hindi ko rin nga alam kung bakit natandaan ko, considering...”

“Considering we were never close. Yeah,” tumatangong sabi niya bago humigop ng tsa. “Hey, this is good. Sakto lang.”

Ngiti lang ang isinagot ng lalaki, na nauwi sa ilang sandaling pagmamasid nito sa kanya. Magkahalo ang paghanga at hindi pagkapaniwala sa tingin ni Connor. Just like last night when he discovered he was her first.

Oh, God... Nag-iwas siya ng tingin.

“You okay?” At may gana pa itong magtanong!

“I’m okay. Weird lang na ganyan mo ako tingnan.” Iminuwestra niya ang lalagyan ng toast. “Kumain ka na lang nga.”

Natawa ito. “Weird, indeed. Ito ang unang beses na may kasalo ako sa breakfast sa isang hotel after...” Napailing ang binata. “Never mind.”

“After you had sex with anybody?” Tumaas ang isang kilay niya. Hindi niya alam kung bakit naiinis siyang hindi iyon ang unang beses na may nakasamang babae si Connor. Pero ano ba ang pakialam niya? Before last night, they were almost strangers.

Nawala ang ngiti nito. “Last night didn’t feel like

just sex.”

“First time mo ba with a brokenhearted virgin?”

“Bakit ba nagugulat pa rin ako sa pagkaprangka mo?” Muli napailing ang lalaki. “Yes, tama ka. Pero hindi lang iyon ang dahilan.”

“Eh, ano pala?” Gusto kaagad niyang bawiin ang tanong nang makita ang ekspresyon sa guwapong mukha ng kaharap. Apart from the mix of awe and disbelief, there was also a tender look about him that seemed to warm her heart. He actually looked as if he...

No way! That can't be! Isang gabi lang iyon. Imposible ang naiisip niya.

“We made love last night,” he declared. Nahaluan ng pagkalito ang mga mata nito. “Didn't we?”

Ilang sandaling hindi alam ng dalaga ang sasabihin. Gusto niyang sumang-ayon dahil ganoon din ang pakiramdam niya nang nakaraang gabi. What they shared was intense and passionate, the sensations were beyond words, but he was also very careful with her, especially when he found out she hadn't been with any man before.

She bit her tongue. Sa dami naman ng puwede

niyang maisip, at puwede nilang pag-usapan over breakfast!

Napabuntong-hininga siya. “Connor, we had awesome sex. That’s it. I know it was my first, pero hindi yata tamang bigyan natin ng ibang kahulugan iyon maliban sa ginusto natin iyong pareho. I liked it, enjoyed it. I am not regretting it. Okay?”

Nakatingin lang ang binata sa kanya, hindi makapaniwala sa mga narinig. Siya rin naman. Pero matapos ang ginawa sa kanya ni Riley, pakiramdam ng dalaga ay ayaw na muna niyang masyadong ma-involve o ma-attach uli sa isang lalaki.

“And that’s it?” halos pabulong na turan ni Connor. Tila in shock pa rin ito.

Tumango siya. “Please let’s just eat. Anong oras ba ang check-out mo dito?”

“Alas dos pa.”

“And I get my clothes back at noon. Okay,” tumatangong sabi niya. “Magbibigay ako ng share sa bill mo for my stay here, plus breakfast and laundry services. Magtatanong na lang ako mamaya kung ano ang schedule ng shuttle pabalik sa main road, sa bus terminal.” She was babbling. She felt like an idiot but she would choose it over the awkward silence with

Connor just looking at her as if he wanted to have her for breakfast.

“This room has already been paid for. At ako rin ang magbabayad sa anumang excess na gastos,” matigas na sabi nito. “Dala ko rin ang kotse ko and you are not commuting on the way back to Manila. Ihahatid kita. Saan ka ba nakatira? Doon pa rin sa ate mo sa Malate?”

Siya naman ang napatitig dito. Anu-ano pa ba ang naaalala nito tungkol sa kanya? “Yes, doon pa rin. Pero hindi na ang ate ko ang kasama ko dahil nag-asawa na siya. I live with a cousin and her friend. Mga estudyante. And I can manage, Connor.”

“Sabay tayong aalis dito and I will drive you home, or I will call your friends and—”

“Bina-blackmail mo ako?” She looked at him incredulously.

“More like concerned.” Mataman siya nitong minasdan bago itinuon ang atensyon sa kinakain. “Let’s just finish this para makapagpahinga ka pa. Mag-a-alas-ocho pa lang naman. May kailangan din akong puntahan saglit sa office ng manager nitong hotel.”

“Fine.” Itinuloy na rin niya ang pagkain. Tahimik

nilang naubos ang inihanda nitong almusal, na ito rin ang nagligpit. Sa halip na mahiga ulit ay nagbasa na lang siya ng diyaryo habang si Connor ay nagtungo sa banyo upang maligo. Tahimik lang din ito habang nag-aayos.

He didn't seem mad, more like frustrated. At hindi niya iyon maintindihan.

“Sandali lang ako. May ipapabili ka ba? Ano ang gusto mong lunch?” tanong nito habang inaayos ang sleeves ng suot na polo.

“Katatapos lang ng breakfast!” nakaarko ang kilay na bulalas niya. “Just check with the laundry shop kung okay na ang mga damit ko.” Her expression softened. “Please?”

“Sure.” Lumapit ito at magaan siyang hinagkan sa labi. “Later.” He smiled, then headed toward the door. Pagkaalis nito ay ilang segundo yata siyang tulala.

That was just a very light, chaste kiss. They have shared so much more this past night, ngunit parang gusto nang magwala ng puso niya. Sa kilig.

Nailing na tumayo siya at tinungo ang banyo upang makaligo. Nagbabad siya sa tub hanggang sa mangulubot na ang dulo ng mga daliri niya. Nang

matapos ay ang dark blue bathrobe na may logo ng hotel na lang ang kanyang isinuot. It was big and fluffy and covered her more than Connor's clothes.

Sa halip na magpahinga ay tinungo niya ang bintana at hinawi ang makakapal na kurtina niyon, allowing the bright morning sun to get in. The room had a great view of the sea nearby, at ilang tao na rin ang naroon.

She used to enjoy day trips to the beach with Riley. Sa sobrang hectic ng naging schedule nito simula nang pamahalaan ang ilang magazines sa publication na pag-aari ng pamilya nito, halos pulos ganoon ang naging date nila upang mas magkasama sila nang matagal.

How on earth had they been together for almost six years and never got that intimate? Simple lang. Bantay-sarado siya sa kanyang Ate Corinne na kasama niya sa isang townhouse sa Malate, at sa boyfriend nito. She had to give Riley props for staying on even if he could barely have a moment alone with her, lalo na kapag nakatambay sila sa bahay niya.

Riley was three years older at sa lahat daw ng naging girlfriend nito ay siya lang ang nagustuhan ng pamilya nito, lalo na ng lolo nitong founder ng publishing empire.

Like Lovers Holding On - Sachi Bliss

Nang magtapos siya ng college, makapasa sa board exam at ikasal ang ate niya ay pumalit naman bilang kasama niya sa bahay ang kanyang pinsan. She also started work and soon, also took up a post-graduate course. Riley became very busy and they saw less of each other.

Hanggang sa maging bihira na lang din ang presence niya sa family gatherings ng dating nobyo na ipinagtataka niya dahil dati ay required ang attendance niya. This past year, it was as if he deliberately avoid that she get to spend time with his family.

The past year also was the start of the change in his attitude. Bukod sa naging irritable ay naging sobrang seloso na rin ito. Kasabay niyon ay ang pisikal na pananakit nito sa kanya sa tuwing sasagot siya sa mga ibinibintang nito. Riley had also tried to force her into sleeping with him which she always managed to say no to, but not without getting a few bruises and scratches from the struggle.

Sa tuwing matatahimik siya at marahil ay makikita ng lalaki kung gaano siya natatakot dito ay saka ito nilalayasan ng kung anumang masamang tila sumapi rito at magso-sorry.

He would always say he was just too stressed, and

undergoing a lot of pressure with work. Pagkatapos ay makikiusap itong sana ay huwag niyang ipapaalam sa kahit kanino ang nangyari, na tahimik na sinasang-ayunan naman niya.

She also stayed on thinking he would eventually change, but things only got worse. Isang beses na napikon na siya at pinagbantaan itong magsusumbong sa pulis ay naging mas matindi ang ginawang panakit sa kanya ng lalaki.

Ang pilat sa kaliwang braso niya ay dala ng pagkatama sa nakausling pako habang ang nasa likod ng kanang balikat ay dala ng pagkakasalya sa dulo ng isang mesa. Parehong matindi ang bawat tama na kinailangan niyang ipasuri iyon sa doktor. Both have resulted to ugly scars that she tried to keep from everyone.

Except Connor.

She was relieved he didn't ask any further. Dahil walang sinuman ang nakakaalam ng pinagdaanan niya kay Riley. Hindi kasi niya inakalang ang lalaking una niyang minahal at minahal nang maraming taon ay magagawa siyang saktan.

Somehow, she felt she might be at fault for not trusting him enough, for not exerting extra effort to

become a better girlfriend, for not making sure he would be the man she would spend the rest of her life with. She wanted him to be her first and last. Ngunit sa nakalipas na buwan ay tila unti-unti na ring pinawi ng naging mga pagbabago ni Riley ang pagmamahal niya rito.

Hanggang sa magtapos na nga ang lahat nang nagdaang araw.

And she was no longer the same. She now felt damaged. Unworthy.

Dapat ay umiiyak siya. Nagwawala. Sa halip ay heto siya ngayon, nakatanaw sa dagat mula sa seventh floor hotel room ng lalaking buong gabi niyang nakasama. She still could not feel any regret, but she'd been wondering how and why she ended up giving herself to him.

Ni hindi siya lasing nang nakalipas na gabi.

His kisses were even more intoxicating than a litre of scotch.

She sighed. Naramdaman niya kaagad ang pagbilis ng tibok ng puso niya. Something felt familiar, and she didn't even have to look behind her to know that Connor was back and was now in the same room.

“Hindi pa daw ready ang mga damit mo. Nasa dryer pa. Ipaplantsa pa iyon so balikan ko na lang daw in an hour or so,” narinig niyang sabi nito.

She kept her eyes on the view before her, yet her ears were on the shuffling behind. “Okay.”

“You sure you don’t want anything?”

“Nope, I’m fine.”

Ang sinabi nito kanina, iyon daw ang unang beses na may nakasalo ito sa breakfast, sa isang hotel, obviously after a night together. Couldn’t he just treat her like those other women he’s been with?

Bakit ba hindi na lang siya nagising nang maaga para nalayasan na lang niya ito?

Hindi siya handa sa ganitong klaseng trato mula sa isang lalaking bago ang lahat ng pinagsaluhan nila nang nakaraang gabi ay halos hindi niya nakilala.

Now everything felt familiar. Parang hindi na sila puwedeng maghiwalay. Parang ang dami nang nagbago matapos ang isang gabi.

At hindi niya sigurado kung gusto niya iyon. Kung iyon ba ang kailangan niya.

She shouldn’t have stayed. She should be

forgetting last night by now.

Ngunit nang marinig niya ang masuyong pagtawag ni Connor sa pangalan niya, parang gusto niya iyong marinig nang paulit-ulit. Like how he kept calling her name as they both reached their climax, as he held her tenderly, breathing hard, his lips raining kisses on her face and neck and shoulders, after they made love.

Naramdaman niya ang kamay nito sa kanyang likod. It felt hot even through the thick terry cloth robe. “Yes?” Gayunpaman ay bumaling siya sa katabi at matapang na sinalubong ang tingin nito.

And his face was just inches away.

“What is it, Connor?” tanong niya bago mag-iwas ng tingin. She couldn’t stand his gaze, and having him this close again.

Sa halip na sumagot ay pumaikot ang braso ng lalaki sa kanyang baywang, at dumako ang mga labi nito sa kanyang leeg. Her hands gripped the window frame, her toes curled.

As she felt the robe being slowly pulled away.

She wore nothing underneath.

Connor’s lips went up to that spot below her ear,

Like Lovers Holding On - Sachi Bliss

to her jaw, and trailed light kisses until he reached her mouth. Her waiting mouth.

He called her name again, and she answered by turning and meeting his lips with her own.

Pumaikot ang isa pa nitong braso sa kanya, at maingat siyang binuhat patungo sa kama. Paglapat ng likod niya roon ay kasabay ang pagkawala na rin ng lahat ng inhibitions niya. Soon, they were doing it again.

4

A year and three months later...

Halos takbuhin ni Connor mula sa parking area ng bagong gawang *Brighton Place* hanggang sa courtyard nito kung saan imi-meet niya ang pinsang si Conrad at ang architect na nakakontratang gumawa ng landscape design ng gagawing mini park and garden doon. Ito pa lang ang ikatlong beses na nagawi siya sa naturang mid-rise apartment complex, na as of last month ay opisyal na pag-aari na ng kanyang pamilya.

Dahil abala pa siya sa pagiging chef sa pag-aaring fusion restaurant na *Cielito's* at sa pagtulong sa mga magulang sa pamamahala sa café cum art gallery ng mga ito sa Intramuros, palaging si Conrad muna ang nag-aasikaso sa anumang may kinalaman sa *Brighton Place*. Mas matanda ito sa kanya nang dalawang taon at higit na may karanasan sa pagma-manage dahil nasa college pa lang ay negosyante na ito.

Tapos na ang apartment complex at finishing touches na lang ang ginagawa sa bawat unit, na target nilang palipatan sa mga nakabili within the next six months. Ang naiwang trabaho na lang ay ang pagla-landscape ng courtyard na nais niyang ibagay sa old

world look ng *Cielito's*, with a few subtle modern touches.

He gave all his specifications through Conrad, at ito ang nakikipag-ugnayan sa architect na noon pa kinontrata ng dating may-ari ng *Brighton Place*. The former owner was his college professor and mentor, na isinuko ang nabanggit na residential complex dahil mas nais nitong mabili ang isang island resort sa Zambales. Ang sinabi ng pinsan ay magiging tenant din daw doon ang arkitekto at bahagi ng fees nito ang reduced downpayment at mas mababang monthly amortization sa kinuhang unit.

He had no idea who the architect was. Ni hindi niya alam ang pangalan dahil si Conrad ang nakikipag-usap dito. Kaya naman nang makita niya ang pigurang kausap ng pinsan sa dulo ng hallway ng *Brighton 2*, parang may sumipa sa dibdib ni Connor.

Their architect was a woman. She must be five feet and five inches tall without those heeled mid-calf boots she wore. Ismarte, malinis at elegante itong tingnan sa suot na gray knee-length skirt at maroon turtleneck knit top na maikli ang sleeves. Her long hair... long hair? It was pulled up in a neat ponytail.

Manipis lang ang makeup nito, it highlighted those killer cheekbones. Muntik na niya itong hindi

makilala. She was curvier than the last time he saw her. But he would always recognize those smoky eyes, those inviting full lips, and that cute dimple on her left cheek anywhere.

There's no one like her.

“Connor! Ano pa'ng itinatayo mo diyan?” tawag sa kanya ni Conrad bago ngumiti sa babae. “I told you na ang pinsan ko ang talagang bagong may-ari na nito, di ba? This is Connor Vallejo,” pagpapakilala nito sa kanilang dalawa.

Halata ang pagkagulat ng babae nang makita siya, ngunit gaya ng dati ay madali itong nakabawi. Still, it was obvious she was a bit worried as she looked straight into his eyes while she shook his hand.

“Actually, kung nabanggit mo lang agad sa akin na siya pala ang pinsan mo, I would have told you that we knew each other way back,” sabi nito kay Conrad. “Since college.”

“Interesting.” Makahulugang nagpalipat-lipat ang tingin ng kanyang pinsan sa kanila. Halatang nang-iintriga ito lalo na nang mapatingin sa mga kamay nila ng babae na hindi pa pala nagbibitaw. She blushed as she pulled her hand from him.

Connor couldn't help thinking about the last

time he saw that sunkissed color on those cheeks that seemed to beg to be pinched. At mukhang alam ng babae na iyon ang iniisip niya. Nangunot ang noo nito bago kinuha ang nakarolyong blueprint sa kalapit na mesa. “Shall we start?”

He simply shrugged before he allowed her to present the design and talk. May kaunti siyang alam sa mga sinasabi nito, kaya naman hindi rin siya gaanong nawala sa ilang hindi pamilyar na terms. Sakto rin sa nais niya ang disenyong ginawa nito, at wala na silang nais ipabago maliban sa kung anong klaseng material ang gagamitin o halaman ang ilalagay sa gagawing garden park.

Nang magkasundo na silang lahat at matapos ang paliwanagan ay nauna nang nagpaalam si Conrad na imi-meet naman ang ilang magiging business tenants ng *Brighton Place*. The woman was also quick to express her desire to leave, but he was quicker. Nahawakan niya ito sa braso.

“We need to talk,” deklara niya habang hindi inaalis ang tingin dito.

Umarko ang kilay ng dalaga. “About what? May tanong ka pa tungkol sa—”

“We’re done with that, aren’t we?” Itinuro niya

ang hawak nitong kopya ng blueprint. “Kailan ba tayo huling nagkita? Ang galing mo ring magtago. Kahit noong nasa California ako nang ilang buwan, nakikibalita ako tungkol sa iyo kahit papaano.”

Nanlaki ang mga mata nito. “Connor..”

“I didn’t specifically ask about you, okay? Mga pasimpleng pangungumusta lang. Relax, I don’t think anyone had any clue what happened the last time we—”

“It was over a year ago, Connor. A year and three months, to be exact.” Napailing ito.

He just stared at her. Damn it, she looked even hotter now. “You’re...” Hindi niya alam kung bakit parang hindi niya mahagilap ang sasabihin. “You’re beautiful. Different, because I have never seen you with long hair. But still...” He stepped closer. “Still beautiful.”

Napaatras ito, namumula. “Weird mo, Connor.”

“Weird? You’re the one who’s acting like nothing happened,” salubong ang mga kilay na sabi ng binata.

“Again, ang tagal na niyon.”

“Just fifteen months.”

She sighed. “Gusto mo ba talagang hanggang ngayon ay iniisip ko pa rin iyon? Ang pagkakaalala ko, nagkasundo tayo na kalimutan na lang.”

“Correction, *ikaw* lang ang pumayag doon. I wanted to stay. With you. Remember I was your—”

“First, I know. And you wanted to be with me because I was a virgin?” Napailing ito. “Alam mo kung ano ang pinagdadaan ko noon, Connor. You knew it would not be fair.”

“But we made love...”

“We had amazing sex.” Mataman siya nitong tiningnan. “It was my first, but I knew it was wonderful. You were great. Iyon ba ang gusto mong malaman?”

Ginaya ng binata ang pag-arko ng kilay nito kanina bago hantarang hinagod ng tingin ang kabuuan ng kausap. “I’m sorry to be pointing this out, but...” He hesitated.

Natawa ito. “I gained weight. Yeah, I know. Panay kain ko, eh. Alam mo na, medyo na-depress. Almost six years din ’yun.”

“Six years and he was not even your first. Doon ka ba na-depress?” hindi napigilang tanong ni Connor.

“Hell, no! Connor...” Sinalubong nito ang tingin niya.

“Another thing.” Itinaas niya ang isang kamay. “We were unprotected. And you looked different. Beautiful. Radiant even. You didn’t... for the past fifteen months....” Napahinga siya nang malalim. “If I became a father to a little version of me or you without me knowing...”

Nanlaki ang mga mata nito. Mukhang noon din lang naisip ang posibilidad na iyon. “No, Connor. At hindi ko itatago sa iyo sakaling... sakaling may little Connor na pala.” Napangiti ang babae. “So, ngayong nalinawan na tayo, puwede na ba akong umalis? May klase pa ako.”

“Nag-aaral ka ulit?”

“Nagtuturo na this time.” Natawa ito. “Well, it was nice seeing you again.”

“Just like that?”

“Ano pa ba ang gusto mo?” Nangunot na ang noo ng dalaga, tila naiinis na. “Please, huwag mo na uling ipipilit ang gusto mong mangyari dahil hindi puwede. At ayoko. We had great sex, you were my first and that’s it. Let’s leave things that way. Huwag na nating lagyan ng komplikasyon.” Huminga ito nang malalim

bago tiningnan siya nang may pakikusap. “Please.”

“Why don’t you want to give us a chance?”

Tumigas ang expression sa magandang mukha nito. “I just don’t want to be in any relationship again, Connor.”

“I can wait,” giit niya.

“I don’t want you to waste your time.” Tinapik siya nito sa braso. “I think it’s best to just forget about that night, Connor.”

“You think that’s easy?”

“Connor, it was just one night!” Napataas na ng boses ng babae. “And yes, it is that easy. Hindi mo ba napapansin? Nakalimutan ko na, eh, ipinapaalala mo pa.” Muli itong napailing. “We will both be staying here soon. Mas okay siguro kung wala tayong excess baggage, walang pressure, walang iniintindi. Walang stress. Let’s just be friends, Connor.”

“That’s f*cked up, and you know it,” turan niyang hindi makapaniwala.

“Not if I make a conscious effort to forget,” hamon ng dalaga.

“I don’t want to be friends with you then.”

Nginisihan lang siya nito. “Eh, di huwag.” Isinukbit nito ang malaking tote bag sa balikat. “See you around, Mr. Vallejo.” Iyon lang at nilampasan na siya nito, dere-derecho ng lakad sa hallway palayo.

“I’ll make you change your mind!” habol ni Connor.

Lumingon ito. “Good luck! May amnesia ako.”

Siniguro ni Connor na naroon siya sa tuwing nasa *Brighton Place* ang dalaga para i-oversee ang trabahong nagaganap sa courtyard. Ngunit gaya rin ng sinabi, hindi ito nagpadala sa mga sinasabi at ginagawa niya. He openly flirted. She blatantly brushed him off.

Nang sumunod na punta tuloy nito ng *Brighton Place* ay may kasama nang mga kaibigan, na pawang mga kilala niya kaya hindi siya makaporma ng pangungulit. But he was not just deliberately trying to get on her nerves or proving his point. He really wanted her. It was not only because of the amazing sex, but more of the woman he came to know in those hours that they were together over a year ago.

Mas matindi pa ang naging impact niyon sa kanya kaysa ilang naging mga relasyon niya. At wala siyang

balak na basta bale-walain iyon. Alam niyang pareho lang sila ng nararamdaman, ngunit tila natatakot na itong muling sumubok makipagrelasyon dahil sa pinagdaanan kay Riley.

He knew she felt insecure and broken. Pakiramdam nito ay wala nang ibang tatanggap at magmamahal dito dahil lang identified ito sa isang lalaking kilala ngayon hindi lang sa larangan nito, kundi bilang isang eligible bachelor, who can have his pick of the hottest women in town. She seemed to believe most people consider her a cast-off now, and nobody would want her anymore.

Alam ng dalaga ang intensyon niya, ang mga dahilan kung bakit sa sumunod na mga buwan bago ito tuluyang lumipat sa *Brighton Place* ay patuloy niyang sinusubukang magbago ang isip nito. But she was firm on her decision not to give in.

Sa unang araw ng paglipat nito sa *Brighton Place*, she requested to see him in his new office. Inilipat na rin kasi roon ang restaurant niya.

“Gusto ko lang sabihin na sana, itigil mo na ang kung anumang sinusubukan mong gawin these past few months, Connor. Some of my friends will also be moving here. Ayoko ng ilangan, ng komplikasyon. We had a day together and it was something else.

Hanggang doon na lang sana iyon. I have no interest in being with you beyond what we had then,” tuluy-tuloy na sabi nito habang nakatayo sa harap niya.

She didn't even want to sit down. Halatang ayaw nitong magtagal.

“Iyan ba talaga ang gusto mo? O natatakot ka lang na may malaman at masabi ang iba? Nobody would know about what we had that night if you want...” hindi pa rin sumusukong sabi ni Connor.

Umiling ito. “It's not important if I want this or not, Connor. If you don't like to be friends, fine. Pero may nabanggit na offer sa akin ang pinsan mo and I might take it. Magkakatrabaho pa din tayo somehow. Kung ayaw mong tanggapin ko iyon, just tell me.”

Alam niya ang tinutukoy nito, at nasasaktan siyang tila bale-wala lang dito ang mga sinasabi sa kanya ngayon. How could she do it? She almost sounded so... controlling and yet, he still wanted her. “No, I won't get in the way.”

Tumango ang dalaga. “Good. Thank you, Connor,” matipid na ngumiti ito bago akmang tatalikod na sana nang pigilan niya sa braso.

“Are you seeing...” he sighed. “Is there someone else in your life now?”

Like Lovers Holding On - Sachi Bliss

Ilang sandaling nakatingin lang ito sa kanya bago malungkot an napangiti. “No. And I doubt there would be anyone else.”

“Huwag kang magsalita ng tapos. A lot would be lining up just to be with you.”

Tumaas ang kilay ng babae. “I’ve run out of chances, Connor.” Napansin niya ang bahagyang pangingslap ng mga mata nito. It had been a year and a half since but they’re still sad. “I should go. Marami pa akong aayusin sa bahay.” Marahan nitong inalis ang kamay niyang nakahawak sa braso nito at tinungo ang pinto.

5

Three years passed...

Why are they all here tonight? Bakit kailangang sunud-sunod silang dumating, ka-holding hands o katinginan ang masusuwerteng lalaking kasama nila?

This is mad. Am I missing something here? Am I supposed to get a certain message or something?

Akalain mong makakaramdam din pala ako ng ganito. Iyong gustuhin ko nang may makasama. Iyong tipong ayaw ko na siyang pakawalan. Iyong okay lang sa akin na mabaliw paminsan-minsan kapag hindi ko siya nakikita.

Iyong kapag nasa tabi ko na siya, okay na ang lahat. Wala na akong hahanapin pa.

*Man, where the f*ck did that come from?*

But really, playing around can be tiring. I have reached that point where it all feels old. I feel old. I'm not even thirty yet, dammit.

I want permanence. I want her, whoever she is.

Five disappointments—fine, heartbreaks in a span

of six months. Whoa, what a record! Wala na sanang pang-anim.

Ayoko na yatang mag-isa.

“I’m so tired of being alone, I don’t want to be on my own... won’t you help me, boy...”

Muntik nang masamid si Connor sa narinig na kanta ng lead singer ng *Sui Generis*, ang resident band ng *Cielito’s*. Biyernes na naman ng gabi at puno ang restaurant niya ng mga guests na nakasanayan nang mag-unwind at doon salubungin ang weekend.

At kabilang sa dahilan kung bakit jampacked ngayon ay sina Miranda, Amelia, Sydney, Divine at Dawn, na pawang ex-girlfriends niya. Kasama ng mga ito ang kani-kanilang boyfriends, at okupado ang dalawang pinagdikit na mesa. Siya naman ay nakapuwesto malapit sa corner table, kasama ang pinsang si Conrad at ang partner nitong si Gaby.

Buti pa ang pinsan niyang bading, may love life.

Napailing si Connor. And then the song that just came on seemed to mock him. Nasa piano ang lead singer na si Sharleen at kumakanta habang tumutugtog habang nasa gilid niyon ang kaibigang

si Divine, na pansamantalang itinabi ang karaniwan ay hawak na violin to do back-up vocals.

They were both good singers. And their proud boyfriends both sat near the stage, smiling.

Anak ng tinapang buhay ito, couples night ba? Iginala niya ang tingin sa paligid. Panay magkakapareha ang nakikita ni Connor, maliban sa mesang katabi nila kung saan tatlong babae ang animated na nag-uusap.

Minasdan niya ang mga ito. One woman stood out. She had exotic Eurasian features and the most striking brown eyes he'd ever seen. Halos wala itong makeup ngunit pansinin ang magagandang cheekbones at full lips nito. Hindi niya alam kung sino ang naalala niya sa babae, ngunit tila hirap siyang alisin ang tingin dito. She was lively and had a nice, hearty laugh. Ngunit halata rin ang lungkot sa mga mata nito.

“Iniisip mo ba ang iniisip namin, Connor?” pukaw ng pinsan niya, sabay tapik sa kanyang braso.

“She’s hot, in fairness,” wika ni Gaby.

“Can’t blame you. Para kasing may something sa gabing ito at sabay pang dito nag-date ang mga ex mo kasama ang mga jowa nila,” nailing na sabi

ni Conrad.

“Parang ang hirap pa ring paniwalaan na nakahanap na rin ng katapat niya si Finley, at si Mel pa!” palatak ni Gaby na ang tinutukoy ay ang best friend niyang palikero na si Finley at ang high school girl friend niyang si Amelia.

“And Sydney, who knew na iyong si F*cking Middlefielder pala ang makakatuluyan niya?” dagdag pa ni Conrad.

“At si Doc Miranda...”

“Si Dawn...”

“Si Divine din...”

“Sige lang, isa-isahin n’yo pa, ha? Rub it in, will ya?” salubong ang mga kilay na sabi ni Connor bago inisang lagok na ang natitirang alak sa baso niya.

Nakakaunawang tumahimik naman ang mga beki. Sa halip ay ipinako na ng mga ito ang tingin sa stage kung saan kasabay ang pagtatapos ng kanta ay hinawi ni Sharleen ang ilang naligaw na hibla ng mahabang buhok nito sa pamamagitan ng isang hybrid ng hair flip at head bang.

Pumalampak sina Conrad at Gaby, na parehong kabarkada ng babae.

Connor snorted. Kahit ang babaeng kumanta ng tungkol sa pagkapagod sa pag-iisa ay may boyfriend din sa audience.

Iniwang na ni Sharleen ang piano bench at kinuha naman ang isang gitara saka nag-umpisang tumipa. “This next song is a request from Sean, ewan kung bakit,” tukoy nito sa boyfriend ng violinist na si Divine.

“Shut up and just sing!” malakas na sabi ni Sean mula sa audience, na tinawanan lang ng banda.

Nailing na sinimulan na nga ni Sharleen ang kanta, a beautiful haunting take on a Radiohead original. It was a sad song, at hindi niya malaman kung bakit isa-isa namang nagtayuan ang mga magkakapareha at nagtungo sa dance floor.

What the hell? Napatingin siya sa katabing mesa. Even the woman he was checking out earlier was standing up. Katatanggap lang nito sa kamay ng isang matangkad na lalaking tila hindi maalis ang tingin dito. Shit, sayang!

Ang bagal ko talaga.

Sumandal siya sa kinauupuan bago iginalang tingin sa paligid. And that’s when his heart literally jumped when he realized who he remembered when

he saw that woman's seductive eyes, killer cheekbones and luscious full lips.

What was going on? Ipinikit niya ang mga mata bago dumilat. Ngunit hindi niyon nagawang burahin ang imaheng ngayon ay tila nakatatak na sa isip ng binata.

Sa dami ng maisip niya, iyon pa?

Sumulyap siya sa dance floor bago muling minasdan ang iba pang natitirang miyembro ng audience ng *Sui Generis*. What a f*cking weird song to slow dance to! Napailing si Connor.

What the hell am I doing here? I don't belong here...

Napatingin siya sa stage. Sharleen's voice was so poised and luxurious, yet gritty. Her mouth also seemed to make love to the microphone, making his insides tighten. Damn it, ganoon na ba siya ka-deprived?

Nailing na nagsalin muli siya ng alak sa baso bago itinaas sa ere bilang toast sa bandang hindi siya sigurado kung dinadamayan ba o kinukutya siya nang gabing iyon. Maybe both.

Like Lovers Holding On - Sachi Bliss

Picture perfect daw ang buhay niya, sabi ng karamihan.

Mayroon siyang stable day job, at may oras din siya para sa ilang passions niya. Supportive ang pamilya at mga kaibigan niya, at mayroon siyang boyfriend of three weeks.

Four years ago, when she and her ultimate jerk of a first boyfriend called it quits, she never thought she'd eventually get to this. Oh, well, nakalipas na iyon. Wala na siyang pakialam sa kulugong dumurog sa puso niya dati.

May Brent na siya ngayon. Si Brent na kahit sino sigurong babae ay proud na ipapakilala sa mga kapamilya nito. Pati nga ang matataray niyang kaibigan ay gusto ang lalaki para sa kanya. Wala na siyang mahihiling pa.

Kukulitin sana niya si Brent na ngayon ay abala sa pagbabasa ng broadsheet habang hinihintay lumamig nang kaunti ang kape nito nang tumunog ang kanyang cellphone. Nasa isang corner table sila sa *Cielito's* at nag-aalmusal matapos magkita kanina sa *UP* upang mag-jogging. Sumenyas siya sa boyfriend na sasagutin lang ang tawag at tumango ito.

Tumalikod siya at pinindot ang answer key. It

was her mother. “Mama!” masayang bati niya.

“Anak, we’re here in Manila. Along EDSA na kami...” Huminto sa pagsasalita ang kanyang ina. Narinig niya sa background ang mahinang hum ng kung anumang sinasakyan ng mga ito at ang tunog ng AM radio.

Nakabase na sa Ilocos Norte ang mga magulang niya, na parehong retired government employees. May organic farm sila roon at gumagawa rin ng fruit wines katulong ang pamilya ng panganay niyang kapatid na lalaki. Ang isa naman niyang nakatatandang kapatid ay doktora na may-asawa na rin at nakabase sa West Virginia, USA.

Sa tuwing term break ay umuuwi siya sa Ilocos, maging kung Christmas vacation. Ang huling uwi niya ay noong bago pa magsimula ang trimester sa college alma mater niya kung saan isa siyang full-time professor sa Architectural Design.

“Ha? Bakit hindi mo sinabing padating kayo? Sana ako na lang ang sumundo sa inyo.”

“Eh, noong isang araw lang na-confirm ang slot namin sa exhibitor’s meeting para sa darating na food and beverage expo. Dalawang araw lang kami dito. Lunes ng gabi ay pauwi na uli kami,” paliwanag ng

mama niya. “Nasaan ka ba ngayon?”

“Dito sa *Cielito’s*, Mama,” nangingiting sagot ng dalaga. Ayos din ang timing ng mga magulang, maipapakilala niya si Brent sa mga ito.

“Is that the nice restaurant next to your building? ‘Yung masarap ang paella at bolognese?”

Natawa siya. *Cielito’s* serve the best comfort food. “Yes, Mama. Nagbe-breakfast lang kami dito pagkatapos mag-jogging.”

“Kayo? Nino? Ng boyfriend mo? ‘Yung naikuwento mo dati?” na-excite na sabi nito. Narinig pa niyang sumingit ang boses ng papa niya na sinabing hintayin sila at gustong makilala ang boyfriend niya.

“Yes, he’s here. Nagkita kami kanina. All right, sasabihin ko.” Sumulyap siya saglit kay Brent na tila oblivious sa usapan nila ng mga magulang.

“Excited na kaming makilala siya, Anak. Sige, wala namang gaanong traffic at narito na kami sa Guadalupe. Twenty or thirty minutes siguro ay nariyan na kami.”

Ilang sandali pa ay nagpaalaman na sila. Excited ding kinalabit niya si Brent, na ngayon ay nangungunot ang noong nakatingin sa kanya. “Yes?”

“Padating ang parents ko. At gusto ka nilang makilala.” Hindi niya ma-contain ang tuwa.

“What?” Napaderecho ito ng upo at kaagad ibinaba ang naitiklop nang dyaryo sa mesa. “What are you talking about? Bakit papunta dito ang parents mo? Ngayon na?”

“Yes!” Tumango siya. “Ngayon na. They just recently confirmed their slot at a food expo and will meet with the organizers. Sa akin sila tumutuloy pag lumuluwas. They’re on their way now.”

“Are you sure ngayon mo lang nalaman?” Uminom ito mula sa mug ng kape.

Nangunot ang noo niya. “Ngayon lang. May problema ba?”

“Meron,” anitong bumuntong-hininga. “We’ve only been together for three weeks. Maaga pa para makilala ako ng mga magulang mo. Ni hindi pa nga kita nadadala sa amin. Hindi pa ako ganoon kasigurado sa iyo.”

Kaagad siyang kinabahan. “Hindi ka sigurado?”

“I mean, look at you...” Brent pointed to her left arm. It had an intricate tattoo of an ankh. “You have tattoos. Sino naman ang magsisiguro at seseryosohin

agad kung ganyan ang—”

“You’re not sure of me because of my tattoos,”
ulit ng dalaga, umiinit na ang ulo.

“Come on, Babe. And we haven’t even had sex
yet. Paano mo masasabing seryoso ang kung anong
mayroon tayo kung hindi pa—”

“Brent, I have made it clear that my body is mine
to give, and sex is something very, very special. So yes,
as much as I agree that it is something serious, mali
naman iyong gawin mo siyang basehan na seryoso
tayo.” Nahilot niya ang sentido.

“It’s too early to meet your parents. I’m sorry
pero kailangan ko nang umalis.” Kinuha nito ang
wallet sa bulsa at naglabas ng ilang paper bills.
“Pakisabing may prior appointment ako at hindi ko
sila mahihintay.”

“Nasabi ko nang ipapakilala kita, Brent.”
Hinawakan ito ng dalaga sa braso. “Saglit lang. It’s
not like you’re going to marry me or something.”

Natawa si Brent. “Marry you? Sheesh, you’re
already thinking that far ahead?”

Nainsulto siya roon. “Be honest with me, Brent.
Ano ba ang tingin mo sa akin? Ipapakilala lang kita

sa mga magulang ko. Alam nilang bago lang tayo at hindi ka dapat ma-pressure doon.”

“Honestly?” Napailing ito. “I was just waiting for you to give in and sleep with me. I mean, you’re cool and intriguing and sexy and somewhat mysterious. Eh, gan’on din pala, gaya ka din ng iba na pagseseryoso agad ang iniisip. Guess what, I’m *not* that serious. Two months of dating and three weeks of being supposedly official have been the longest I had to wait to get you to bed and it is getting tiresome.”

“You’re breaking up with me?” di-makapaniwalang tanong niya.

“I’m sorry,” nailing na wika ni Brent bago inilapag sa mesa ang bayad sa kinain nila at tumalikod na. Walang lingon-likod na lumabas ito ng restaurant. Naiwang tulala ang dalaga. Hindi siya makapaniwala sa nangyari.

But not for long. Dahil tumunog ang message alert ng cellphone niya. It was her father.

Nag-C5 kami, Anak. Wala pang traffic. See you and the boyfriend. ;)

Oh, God! Walang panahon para matulala. Tumayo na siya at sinenyasan ang isang waiter na ibalot na lang ang natirang pagkain nila ni Brent.

Like Lovers Holding On - Sachi Bliss

Her mind raced along with her heart. Paano niya ipapaliwanag sa mga magulang ang nangyari? Hindi pa mandin siya magaling magsinungaling.

At hindi yata niya kayang muling makitang nasasaktan ang mga ito para sa kanya.

Napabuntong-hininga siya. Kahit sandaling boyfriend lang na puwedeng ipakilala sa mga ito, okay lang. Pero saan siya kukuha? Manghiram kaya siya ng jowa? Kanino naman? Gagahulin na ng oras kung hihiramin pa niya ang boyfriend ng mga kaibigan.

Noon siya napatingin sa taong lumabas mula sa kitchen area. Guwapo. Matalino. Accomplished. Mabait naman kahit papaano but... really? Umiling siya.

She needed to get some air. Magha-hyperventilate yata siya sa kaba. At mababaliw na sa kaiisip ng madaliang solusyon. Palabas na siya ng restaurant nang mahagip ng tingin ang isang laminated notice na nakasabit sa gitna ng pintong gawa sa salamin.

Hinablolot niya iyon at binasa. *Wanted: Kitchen Assistant*

Tumingin siya muli sa lalaki na noon ay paakyat na sa second floor ng restaurant na alas diez pa

Like Lovers Holding On - Sachi Bliss

nagbubukas para sa customers.

Huminga siya nang malalim. Isinuksok niya sa kanyang knapsack ang laminated ad at inilang hakbang lang ang patungo sa hagdanan.

Desperate times call for desperate measures.

Sinundan niya ang lalaking paakyat. “Connor!”

6

“You want to introduce me to your parents as your boyfriend because Brent suddenly chickened out and just, minutes ago, broke up with you?”

Sunud-sunod ang tango ng dalaga. Naipaliwanag na niya kay Connor ang sitwasyon. Mabuti na lamang ay wala siyang binanggit na pangalan ng nobyo sa kanyang mga magulang. They stood by the French double doors that led to the balcony, and she had her fingers crossed behind her.

Sana pumayag ito. Sana.

“At nakipag-break siya sa iyo dahil ayon sa kanya ay maaga pa para maipakilala mo siya sa parents mo, and because he didn’t think you’re worthy enough?”

Another nod. “Yes. And also because I refuse to have sex with him.”

Nagsalubong ang mga kilay nito. “Why did you get a boyfriend like that?”

“Hindi ko alam na ganoon siya at iyon lang pala ang motibo niya. He’s such a boyfriend material from head to toe.” Napabuntong-hininga siya. “I know, I

know I'm a bad judge of character."

"Hindi naman. Pero isang malaking gago 'yang si Brent." Napailing ito. "Huwag mo nang babalikan iyon."

"Hindi ako ganoon katanga." Ikiniling ng babae ang kanyang ulo. "So, pumapayag ka na?"

"Look, do you really think it's a good idea? Hindi ako magaling na artista. Hindi rin tayo close para maging ganoon kakomportableng umaktong may relasyon tayo." May hint ng sarkasmo sa huling tinuran ng binata.

"Connor, kaya mo 'yan. Ako ang bahala, please. You don't have to talk much if you don't want to. Kunwari na lang mahiyain ka. Sige na, please," pakiusap niya, sabay hakbang palapit dito.

"Ewan ko." Napabuntong-hininga ito bago mataman siyang minasdan. "Why not just tell them the truth? Mga magulang mo naman iyon."

"Hindi ko na kayang makita na nasasaktan sila para sa akin, Connor. Trust me, I have gone through this with my first boyfriend and it was more heartbreaking than when that asshole left me," paliwanag ng dalaga. Humakbang muli siya palapit.

“Shit.” Napabuga ito ng hangin.

“Shit, indeed.” Hinawakan niya ito sa braso. The first time she did so after almost four years. Parang may nagtatalon sa kanyang dibdib. “Sige na, Connor. Please? Wala ka namang girlfriend ngayon. Kesa naman nagpapaka-emo ka dahil lahat ng ex mo may mga jowa na. ’Tapos, pati ’yung big love mo, may new love na din—”

“Rub it in, will ya?” asik nito.

“Sorry. Totoo naman, eh. Sige na, this will be fun,” she grinned.

“All right, All right. Sige na,” tila napipilitan lang na sabi ni Connor.

“Yes!” Napasuntok ang dalaga sa ere. Muntik pa niya itong tamaan. “Sorry,” she smiled sheepishly.

“May kapalit,” nakakunot pa rin ang noong sagot nito.

Alertong inilabas niya ang laminated ad para sa kitchen assistant. “Temporary lang naman, hanggang mag-graduate si Miko this October, di ba?” tukoy niya sa nag-leave na kitchen staff nito na working student. “May background ako sa mga kitchen chenez. Sanay din akong magluto. At, libre ang serbisyo ko. Gabi at

weekends nga lang ako puwede.”

“Man...” Napailing si Connor.

“At waived na din ang ibang PF ko sa ibang obligasyon ko dito. For three months.”

“Pinag-isipan mo talaga ito, ha.”

Tumango siya bago may naalala. “May spare jacket ka ba diyan? Pahiram naman muna.”

“Bakit?”

“Para takpan ang mga ito.” Itinuro niya ang ankh tattoo sa kaliwang braso at ang intertwined fire and phoenix sa kabilang balikat. “Hindi alam ng parents ko, eh. Kapag umuuwi ako, laging ang laki ng t-shirt ko pag nasa bahay.”

Naihilamos ni Connor ang kamay sa mukha. “Ang dami mong issue sa buhay.”

“Hindi naman. Dalawa lang.”

“Anong palusot ang sasabihin mo sa kanila at balot na balot ka?”

“Ako ang bahala.” Hindi na nakatiis na niyakap niya ito. “Thank you!”

“Hindi pa tayo nagkakasundo sa kapalit.” Wala

pa ring kangiti-ngiti ang lalaki, ngunit hindi naman kumalas sa yakap niya.

Hay, ang bango! Hmm... Stop it, woman! Bakit feeling close ka ngayon? “Akala ko okay na iyong sinabi ko?”

“You have an eight-hour day job. Four days a week, right? Then you have gigs during weekend nights. Hindi naman ako ganoon kawalang konsiderasyon para pagurin ka nang husto.”

Napakurap siya bago napangiting muli. Pinisil niya ang baba nito. “Aww, Connor, ang bait mo naman! Pero kaya ko iyong mga sinabi ko. Trust me.”

Umiling ito. “I won’t let you do it. Mag-iisip ako kung paano mo ako mababayaran,” mahinang sabi nito, matamang nakatingin na sa kanya.

She met his eyes. Madaming beses na niyang natingnan ang mga matang iyon, ngunit hindi niya maintindihan kung bakit iba ang dating sa kanya sa tuwing ganito sila kalapit, gaya ngayon.

Maybe it’s because their faces were so near?

O may naaalala lang siyang isa pang pagkakataon na ganito sila kalapit?

Muntik na siyang mapapikit nang maramdamang

hinaplos ng binata ang buhok niya. What the...?

“Why did you cut your hair?”

Huh? She blinked. “I read about this organization who makes wigs for kid cancer patients. Naisip ko, kaya ko namang mabuhay without the excess hair so why not, coconut? Anyway, three years na akong long hair. New look naman ulit.”

“Nice...” tanging nasabi ni Connor, hindi inaalis ang tingin sa kanya.

Nagsisimula na siyang kabahan. O ma-excite? Connor was looking at her now as if seeing her the way he did... that night.

“Connor?” pabulong na tawag niya rito.

“Yes?” bulong din nito.

Noon niya naramdamang nakapaikot pala ang braso nito sa kanyang baywang. At magkadikit na ang kanilang mga katawan. Connor felt so strong and solid. He smelled and looked so good.

And his lips... Hindi puwedeng hindi bumaba ang tingin niya sa mga labi nito dahil parang palapit nang palapit iyon.

She closed her eyes. And then she felt his lips

on hers.

Her heart raced as his mouth moved against hers. Tumaas ang isang kamay niya sa dibdib nito at tinugon ang halik na iyon. Parang automatic, gaya ng dati. Dahil alam niya kung ano eksakto ang magiging pakiramdam nang mahagkan nito.

And then, it was over. Parang bigla siyang gininaw nang maramdaman din ang paglayo ng lalaki. Nagdilal siya ng mga mata at nakitang amused na nakamasid ito sa kanya.

Kaagad nag-init ang kanyang mga pisngi. Isa yata iyon sa pambihirang pagkakataon na wala siyang masabi.

“Kukunin ko lang ang jacket sa office. Stay here. Dito natin papupuntahin ang parents mo.” Pinisil nito ang baba niya.

Tumango lang siya.

“That was nice.” His thumb traced her lower lip. “I think I know now how you can pay me back... Sharleen.”

Yep. Her. Sharleen.

Akalain mo yon?

I have been trying to forget her for the past three years. Kahit ayaw ko. Pero ano naman ang laban ko sa isang babaeng nagdeklara nang may amnesia siya pagdating sa lahat ng may kinalaman sa aming dalawa?

Pero mas matindi pa yata sa kahit anong pagkabigong pinagdaanan ko ang pakiramdam nang sabihin niyang ayaw niyang magkaroon kami ng anupamang ugnayan.

It was not easy. Paano ba niya naisip na ganoon siya kadaling kalimutan?

And now this?

Nagbago na ba ang isip niya?

Too early to think of anything else for now, though.

But man, that was some kiss. That felt even better than the first we had.

How on earth did that happen?

Kaharap na ang mga magulang ni Sharleen ay hindi pa rin maisip ni Connor kung paano siya napunta sa sitwasyong ito. Siya pa ang sumundo

sa mag-asawa sa ibaba pagkat ang napakagaling na dahilang naisip ni Sharleen kung bakit maaabutan ito ng mga magulang na balot ng kanyang army green parka ay dahil nang nakaraang gabi pa masama ang pakiramdam nito at nabinat nang mag-jogging daw sila kanina.

“Bahala ka na sa diskarte. Tatal mukhang masama pa rin ang loob mo sa pagpayag, eh, di kunwari iritado ka rin dahil ang tigas ng ulo ko,” nakangisi pang sabi nito.

And so he left her sitting curled up in a chair by the corner table that had a nice view of the courtyard.

Her parents looked like very normal, happy people. Parehong nakuha ni Sharleen ang features ng mga magulang nito. Palangiti rin ang mag-asawa at halatang natutuwang makilala siya.

“Sharleen didn’t even give us any clue. Basta ang naikuwento lang niya sa amin noong huli siyang umuwi a month ago ay masaya daw siyang nakilala ka dahil ipinaramdam mo sa kanyang kaya niyang magtiwala ulit, at karapat-dapat ka doon,” wika ng papa ni Sharleen na sinabi sa kanya na “Tito Eddie’ na lang ang itawag niya rito.

“Mukha lang masayahin at makulit ang isang

iyon, pero may mga insecurities din. Pakiramdam niya dati, hindi na siya makakaranas na mahalini uli pagkatapos nilang maghiwalay ng una niyang boyfriend,” dagdag ni Tita Vilma, ang mama ng babaeng ngayon ay ‘girlfriend’ niya.

Parang kumirok ang ulo ni Connor sa mga naririnig na impormasyon habang paakyat sila. Nakokonsyensa siya ngayon dahil mababait ang mga magulang ni Sharleen at binigyan pa siya ng isang kahon ng samu’t saring *Norte Vino* fruit wines, na hindi niya alam na ang pamilya pala nito ang gumagawa. Nasubukan niya iyon dati sa bahay ng isang kabarkadang nag-uwi niyon mula sa Ilocos trip nito, and they were really good.

“We don’t really know you that well yet, pero base sa masasarap na pagkaing natikman na namin dito sa restaurant mo na parang labor of love talaga ang pagkakahanda ng bawat putahe, that says a lot,” nakangiti pang sabi ni Tita Vilma, sabay pisil sa kanyang braso. “At ang guwapo-guwapo mo! Bagay kayo ng bunso namin.”

Ngumiti si Connor. “Salamat po.”

“May katigasan lang ang ulo ni Sharleen minsan, pero nakikinig naman kaya konting pasensya na lang, ha,” dagdag ni Tito Eddie.

Tumango lang siya. Nang tuluyang makaakyat sila at magkita na ang mag-anak ay napangiwi siya dahil muntik makalimutan ni Sharleen na ‘may sakit’ ito. Halos tumalon ito mula sa puwesto upang salubungin ang mga magulang, mabuti na lang at nakaalala kaagad at kunwari ay nanakit ang kalamnan sa biglang paggalaw. Tiningnan siya nito at kahit wala naman siyang mabasang ibig sabihin ng tingin na iyon, parang alam na niyang kailangan niyang lumapit dito.

Matapos ang mainit na batian ay naupo na ang mga ito. He sat beside Sharleen and she promptly snuggled against him, resting her head on his shoulder. “Aray ko, nabigla yata ang katawan ko,” kunwa ay helpless na sabi nito, sabay siko sa kanya bago yumuko. “Hilutin mo ako, dali,” bulong nito.

“Saan?”

“Bahala ka.”

Malay ba niya kung saan ito nagpapahilot? His arm went around her back, up to her neck and began massaging it down to her shoulder blades. Napaangat ang mga balikat nito.

“Shit, ’wag diyan!”

“Saan nga?” natatawang sabi niya bago umakyat

ang kamay sa ulo nito, at marahang pinaglandas ang mga daliri sa maikling buhok ng babae.

“Well, I guess you’re really someone special, Connor. Dahil ayaw na ayaw ng batang iyan na may humahawak sa ulo at gumagalaw sa buhok niya,” amused na komento ni Tita Vilma.

If these good old folks only knew... “Ah, ganoon po ba?” he grinned. Pagkatapos ay diniinan pa niya ang pagmasahe at hinila pa talaga ang buhok ng katabi dahil panay ang suntok nito sa kanyang hita, telling him to stop. “Alam n’yo po bang nalaman ko very recently lang na ang paghawak pala sa ulo ng isang ito ang nakakapagpatahimik sa kanya? You’re right, she can be very, very stubborn.”

Muli siyang sinuntok ng katabi.

Connor bit his tongue to keep from cursing. Sa halip ay hinagkan niya sa sentido ang babaeng magulo. Effective naman dahil natigil ito sa pambubugbog sa hita niya, at nag-angat ng tingin.

“What are you doing?” bulong ni Sharleen.

“Huh? Wala.”

“Huwag ka nang mahiya, Anak. Sweet nga, eh. Masanay ka na sa ganyan na may nag-aalaga uli sa

iyong dahil hindi na kami masyadong mag-aalala,” sabi ni Tito Eddie.

“I can take good care of myself, Papa. Medyo nangalay lang ako, pero ayoko namang abalahin si Connor dahil busy siya,” sagot ng babae.

“Not that busy for you, Shar.” Hinagkan niya muli ito sa gilid ng mukha. Now he’s beginning to enjoy this.

She snorted.

“At sisiguraduhin ko pong this weekend ay magpapahinga lang siya para gumaling agad. Uso pa naman ang sakit ngayon at mahirap nang matuloy ito sa trangkaso,” dagdag pa niya.

“What?” taas ang kilay na sabi ni Sharleen.

“Huh, may balak kang maglagalag? No way, you’re going to rest and if I have to leave work for a few hours to make sure you’re staying home, then I would.” Tumingin pa si Connor sa mga magulang nito upang humingi ng permiso at assurance, at kaagad namang sumang-ayon ang mga ito.

“Connor, lalong sasama ang pakiramdam ko kapag nasa bahay lang at nakahiga,” reklamo ni Sharleen.

“Tatabihan kita,” he grinned. Natawa lang ang mga magulang nito.

Siniko siya ng babae, namumula ito. “At may rehearsal pa kami mamaya. May gig ako dito, remember?”

“Call Mel or Lewis. They can take your place. I’m sure papayag ang mga iyon.”

“Oo nga naman, Anak. Magpahinga ka na lang muna. Mahirap iyong pinipilit mo ang katawan mo,” wika ni Tita Vilma.

“At namumula ka na, o!” Dinutdot niya ang pisngi ng dalaga bago dinama ang leeg at noo. “Ang init mo na rin.” He then said in a low whisper, “You’re so hot, Sharleen.”

Inambaan siya nito ng suntok.

“Sharleen! Ano ba naman iyan!” saway rito ng ina.

“Okay lang po iyon, Tita. Sanay naman po ako na minsan ay bayolente siya. Alam ko na rin po ang gagawin.” His hand went down her back again, and gently circled her waist, under the jacket she wore. Napasinghap ang dalaga.

“Kain lang po kayo nang kain. Mamaya po

Like Lovers Holding On - Sachi Bliss

ipagluluto ko rin kayo ng lunch. Ano po ba ang gusto ninyong ulam?” nakangiting tanong niya sa mag-asawa. “Mag-rest din po kayo after. Ako na po ang bahala dito sa anak n’yong pasaway.”

He lowered his gaze to his right and met Sharleen’s eyes, now looking murderous. “At brokenhearted,” bulong niya, sabay ngiti rito. “Apart from a severe case of... amnesia.”